

KABANATA XII : PAGSASANIB NG TANGGAPAN PARA SA TAGAHILAGANG KATUTUBONG PAMAYANAN (ONCC) AT TANGGAPAN PARA SA TAG TIMOG NA KATUTUBONG PAMAYANAN (OSCC)

Seksyon 74. Pagsasanib ng ONCC at OSCC. Ang Tanggapan para sa TagaHilagang Katutubong Pamayanan (ONCC) at Tanggapan para sa TagaTimog na Katutubong Pamayanan (OSCC), na nilikha sa ilalim ng Pampangasiwaang Utos bilang 122B at 122C, ayon sa pagkakabanggit, ay pinagsasanib bilang mga tanggapang organiko ng PKKP/NCIP at magpapatuloy na gagampanan sa ilalim ng pinasigla at pinalakas na katayuan upang makamtan ang mga layunin ng PKKP/NCIP: Sa kondisyon, Na ang mga posisyon ng Puno ng mga Kawani, Mga Patnugot sa Kawanihan, Kinatawan ng Punong Tagapagpaganap maliban sa posisyon ng Panrehiyong Tagapagpaganap at mas mababa pa ditto, ay inaalís na mula sa pagkakabisa ng Batas na ito: Sa kondisyon pa, na ang mga opisyal at kawani ng mga inalis na mga tanggapan na may kakayahan ay maaaring humiling para muling itatalaga sa PKKP/NCIP at maaaring bigyan ng pangunang karapatan sa pagbubuo ng mga bagong gawang posisyon, nang naaayon sa mga katangiang itatalaga ng Komite sa Pagtatakda (Placement Committee): Sa karagdagang kondisyon, Na sa pangyayari kung saan

ang isang katutubo at isang dikatutubo na may magkatulad na katangian ang magprisinta sa parehong posisyon, ang unang pagkakataon ay ibibigay sa una. Ang mga tanggapan at kawani na aalisin bunga ng pagsasanib ng mga tanggapanang ito ay bibigyan ng karapatan sa pabuya sa halagang katumbas ng isa at

kalahating (1 1/2) buwang sahod sa bawat taon ng tuloy-tuloy na nakalulugod na paglilingkod o ang katumbas sa

pinakamalapit na hatingbilang nito na may bentahe sa kanila batay sa pinakamataas na sahod na natanggap. Kung sila ay may karapatan ng tumanggap ng mga kabayaran sa pamamahinga at pagalis, sila ay may laying mamili alinman sa mga benepisyo sa pagpapahinga sa trabaho o kabayaranang ibinibigay sa mga umalis na kawani katulad ng nakasaad ditto. Ang mga

pinuno at kawani na maaaring maibalik sa dating tungkulin ay magbabalik ng natanggap na benepisyo sa pagpapahinga sa trabaho o kabayaranang ibinigay sa umalis na kawani. Sa huling kondisyon, na ang mga tinanggap na kawani ay kailanganag makapasa sa katangian at pamantayang itinatalaga sa Serbisyong Sibil ng Komite sa Pagtakda na binuo ditto.

Seksyon 75. Panahon sa Paglilipat. Ang ONCC at OSCC ay binibigyan ng anim (6) na buwan mula sa pagkakabisa ng Batas na ito upang tapusin ang kanilang mga Gawain at gumawa ang awdit sa mga pera nito.

Seksyon 76. Pagsasaling nga mga pagmamayari at Kagamitan. Lahat ng mga tunay at personal na pagmamayari, o ariarian ng pinagsanib na mga tanggapanang binaggit ay isasalin sa PKKP/NCIP na hindi na kinakailangan ng pagsasabi, pagsasalin at paglilipat ng titulo at gagawin sa parehong dahilan katulad ng pagtatago sa mga iyon sa dating tanggapan. Sa kondisyon, Na lahat ng mga kontrata, talaan at

dokumentong may kaugnayan sa pagpapalakad ng mga pinagsanib na mga tanggapan ay isasalin sa PKKP/NCIP. Lahat ng mga kasunduan at kontratang papasukin ng pinagsanib na tanggapan ay mananatiling may lakas at bias maliban kung tinatapos na, binago o sinusugan ng PKKP/NCIP.

Seksyon 77. Komite sa Pagtatakda ng Kawani. Ayon sa mga tuntunin ng muling pagbabalangkas ng pamahalaan, isang Komite sa Pagtatakda ng Kawani ang bubuuin ng PKKP/NCIP, sa pakikipagugnayan sa

Komisyon sa Paglilingkod Sibil, na tutulong sa makatarungang pagpili at paglalagay ng mga tauhan upang ang pinakamahusay at pinakakarapatdapat na mga tao ang maitatalaga sa muling binagong ahensya. Ang Komite sa Pagtatakda ng Kawani ay bubuuin ng pitong (7) Komisionado at isang katutubong kinatawan mula sa una at pangalawang bahagdan ng samahan ng mga kawani sa OSCC at ONCC, mga samahang dipampamahalaan na nakapaglingkod sa pamayanan ng hindi bababa sa limang (5) taon at mga samahang pantao na nabubuhay ng hindi bababa sa limang (5) taon. Sila ay gagabayan ng pmantayan ng pagpapanatili at pagtatalaga na gagawin ng lupong sanggunian (consultative body) at ng kaukulang tadhana ng batas sa paglilingkod sibil.

Revision #1

Created 1 June 2025 05:53:07 by MaharlikanWatchman

Updated 1 June 2025 05:53:26 by MaharlikanWatchman